# Protokol sa Muling Pagbubukas para sa mga Lugar ng Kamping, Parke ng RV at Yunit ng Nirerentahang Cabin: Apendiks O

**Kamakailang mga Pagbabago:** (Mga pagbabago ay naka-highlight sa dilaw)

**1/28/21:** Ang mga lugar ng kamping, mga Parke ng RV at mga Yunit ng Nirerentahang Cabin ay maaaring payagan para sa magdamagang pananatili/pagtira alinsunod sa protokol at gabay na ito ng estado.

Retirado - Wala ng Epekto

Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County ay ipinagtitibay ang isang niyugtuang pamamaraan, suportado ng siyensya at kaekspertuhan sa pampublikong kalusugan, upang payagan ang ilang mga lugar na muling makapagbubukas nang ligtas. Ang mga kinakailangan na nasa ibaba ay partikular sa mga Lugar ng Kamping/Parke ng RV at Nirerentahang Kabin na pinahintulutan na maging bukas sa pamamagitan ng Utos ng Opisyal ng Estado sa Pampublikong Kalusugan. Dagdag pa sa mga kondisyong ipinataw ng Gobernador sa partikular na mga lugar, ang mga uri ng negosyong ito ay dapat ring sumunod sa mga kondisyon na inilatag sa listahan na ito.

Sa mga protokol na susunod, ang terminong “sambahayan” (household) ay tinukoy bilang “mga taong naninirahan nang sama-sama bilang isang solong yunit ng paninirahan” at hindi dapat kabilangan ng mga sitwasyon sa pang-grupong paninirahan na pang-institusyon tulad ng mga dormitoryo, kapatiran (fraternities), kapatirang pangkababaihan (sororities), monasteryo, kumbento, o mga pasilidad sa pangangalagang pantirahan, hindi rin kabilang rito ang mga pagsasaayos sa paninirahan na pangkomersyal tulad ng mga boarding house, hotel, o motel.[1] Ang mga terminong “kawani” (staff) at “empleyado” ay nilalayong kabilangan ng mga empleyado, boluntaryo, intern at mga nagsasanay (trainees), mga iskolar at lahat ng iba pang mga indibidwal na nagsasagawa ng trabaho sa lugar. Ang mga terminong “mga bisita” o “mga kostumer” ay dapat na unawain para ibilang ang mga miyembro ng publiko at iba pang mga tao na hindi mga kawani o empleyado na gumugugol ng oras sa negosyo o lugar. Ang mga terminong “establisyemento”, “lugar” o “site”, at “pasilidad” ay parehong tumutukoy sa gusali, RV, cabin, paupahang yunit, kalupaan, at anumang katabing mga gusali o kalupaan kung saan ang mga pinahihintulutang aktibidad o gawain ay idinaraos.

Mangyaring tandaan: Maaaring baguhin ang dokumentong ito habang may magagamit na karagdagang impormasyon at mga mapagkukunan kung kaya't regular na tingnan ang website ng La County http://www.ph.lacounty.gov/media/Coronavirus/ para sa anumang mga pagbabago sa dokumentong ito at kaugnay na patnubay.

Ang listahan na ito ay sumasaklaw sa:

(1) Mga patakaran at kasanayan sa lugar ng trabaho para protektahan ang kalusugan ng empleyado
(2) Mga hakbang para masiguro ang pisikal na pagdistansya
(3) Mga hakbang para masiguro ang pagkontrol ng impeksyon
(4) Komunikasyon sa mga empleyado at publiko
(5) Mga hakbang para masiguro ang pantay-pantay na akses sa mga kritikal na serbisyo

Ang limang pangunahin na aspetong ito ay dapat na matugunan habang binubuo ng iyong pasilidad ang anumang mga protokol sa muling pagbubukas.

---

[1] **Los Angeles County Code, Title 22. §22.14.060 - F. Family definition. (Ord. 2019-0004 § 1, 2019.)**
**https://library.municode.com/ca/los_angeles_county/codes/code_of_ordinances?nodeId=TIT22PLZO_DIV2DE_CH22.14DE_22.14.060F**

**Ang lahat ng mga Lugar ng Kamping/Parke ng RV at Nirerentahang Kabin na sakop ng patnubay na ito ay dapat na ipatupad ang lahat ng mga naaangkop na hakbang na nakalista sa ibaba at maging handa na ipaliwanag kung bakit ang anumang hakbang na hindi ipinatupad ay hindi naaangkop.**

**Pangalan ng Pasilidad:** ______________________________

**Address ng Pasilidad:** ______________________________

______________________________

Retirado - Wala ng Epekto

## A. MGA PATAKARAN AT PAGSASANAY SA LUGAR NG TRABAHO PARA MAPROTEKTAHAN ANG KALUSUGAN NG EMPLEYADO (ITSEK ANG LAHAT NA NALALAPAT SA PASILIDAD)

- ❑ Ang lahat ng tao na kayang gawin sa bahay ang kanilang mga tungkulin sa trabaho ay inaatasan na gawin ito.
- ❑ Ang mga bulnerableng kawani (mga taong higit sa 65 ang edad, mga taong may malubhang kondisyon sa kalusugan) ay bibigyan ng trabaho na maaaring gawin sa bahay hangga't maaari
- ❑ Ang mga proseso sa trabaho ay binago hangga't maaari upang paramihin ang mga oportunidad para sa mga empleyado na makapagtrabaho sa bahay. Isaalang-alang ang pag-aalok sa mga manggagawa, na humihiling ng binagong mga opsyon sa tungkulin na pinabababa ang kanilang kontak sa mga bisita at iba pang mga empleyado.
- ❑ Salit-salitan, halinhinan o shift na mga iskedyul ay pinasimulan para masagad ang pisikal na pagdistansya
- ❑ Ang lahat ng mga empleyado (kabilang ang bayad na kawani, at mga boluntaryo; sama-samang tinatawag na “mga empleyado”) ay sinabihan na huwag pumasok sa trabaho kung may-sakit, o kung sila ay nalantad sa isang tao na may COVID-19. Naiintindihan ng mga empleyado na sumunod sa patnubay ng DPH para sa sariling pagbubukod at pag-quarantine, kung naaangkop. Ang mga patakaran para sa bakasyon sa trabaho ay sinuri na at binago para masiguro na ang mga empleyado ay hindi parurusahan kapag sila ay nanatili sa bahay dahil sa sakit.
  - Tingnan ang karagdagang impormasyon sa mga programa ng gobyerno na sumusuporta sa bakasyon dahil sa pagkakasakit at kompensasyon ng manggagawa para sa COVID19, kabilang ang mga karapatan ng empleyado sa mga bakasyon dahil sa pagkakasakit sa ilalim ng Families First Coronavirus Response Act at mga karapatan ng empleyado sa mga benepisyong kompensasyon ng manggagawa at pagpapalagay ng pagiging may kaugnayan sa trabaho ng mga pagkakalantad sa COVID-19 na naganap sa pagitan ng Marso 19 at Hulyo 5 alinsunod sa Executive Order N-62-20 ng Gobernador
- ❑ Sa oras na napagbigay-alam na ang isa o higit pang mga empleyado ay nasuring positibo para sa, o may mga sintomas na patuloy na tumutugma sa COVID-19 (kaso), ang amo o employer ay may plano o protokol na isasaayos upang ang (mga) kaso ay maibukod ang kanilang mga sarili sa bahay at mangailangan ng agarang pag-quarantine sa sarili (self-quarantine) ang lahat ng mga empleyado na nagkaroon ng pagkakalantad sa (mga) kaso sa lugar ng pagtatrabaho. Ang plano ng amo o employer ay dapat na isaalang-alang ang isang protokol para sa lahat ng mga empleyado na naka-quarantine na magkaroon ng akses sa o masuri para sa COVID-19 nang sa gayon ay matukoy kung mayroon pang karagdagang mga pagkakalantad sa lugar ng pagtatrabaho, na maaaring kailanganin

ng karagdagang mga hakbang sa pagkontrol ng COVID-19. Tingnan ang gabay ng pampublikong kalusugan sa [pagtugon sa COVID-19 sa lugar ng trabaho.]

- ❑ Ang [mga pagsusuri sa pasukan] (entry screenings) ay isinasagawa bago pumasok sa lugar ng trabaho ang mga empleyado alinsunod sa [gabay ng DPH sa Pagsusuri sa Pasukan]. Ang mga pagsusuri ay dapat isama ang pagtatanong tungkol sa ubo, pangangapos ng hininga, kahirapan sa paghinga at lagnat o panggiginaw, at kung ang indibidwal ay kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pagbubukod o pag-quarantine. Ang mga pagsusuring ito ay maaaring gawin nang malayuan (remotely) o personal sa pagdating ng empleyado. Isang pagsusuri sa temperatura ay dapat din gawin sa lugar ng trabaho kung magagawa.
- ❑ Sa kaganapan na 3 o higit pang mga kaso ay natukoy sa loob ng lugar ng trabaho sa tagal na 14 na araw, ang amo o employer ay dapat na iulat ang pagkalat na ito sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan sa (888) 397-3993 o (213) 240-7821 o online sa www.redcap.link/covidreport. Kung ang isang kumpol ay kinilala sa lugar ng trabaho, ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ay pasisimulan ang isang pagtugon sa kumpol na kinabibilangan ng pagkakaloob ng gabay at rekomendasyon sa pagkontrol ng impeksyon, suportang teknikal at partikular sa lugar na mga hakbang sa pagkontrol. Isang tagapamahala sa kaso ng pampublikong kalusugan ay itatalaga sa imbestigasyon ng kumpol upang tulungan ang pagtugon ng pasilidad.
- ❑ Ang mga empleyado na may pakikisalamuha o kontak sa ibang mga tao ay inaalok, nang walang gagastusin, ng isang naaangkop na pantakip sa mukha na tumatakip sa ilong at bibig. Ang pantakip ay dapat na isuot ng empleyado sa lahat ng oras sa araw ng trabaho kapag nakikisalamuha o malamang na makisalamuha sa ibang mga tao. Ang mga empleyado na inutusan ng kanilang medikal na tagapagbigay (medical provider) na hindi sila dapat magsuot ng isang pantakip sa mukha ay dapat na magsuot ng panangga ng mukha (face shield) na may maluwag na tela (drape) sa ibabang dulo, para sumunod sa mga direktiba ng Estado, hangga't ang kanilang kondisyon ay pinahihintulutan ito. Isang maluwag na tela na akma sa ilalim ng baba ay mas mainam. Ang mga maskara (mask) na may mga isang paraan ng balbula ay hindi dapat gamitin. Ang lahat ng mga empleyado ay dapat na magsuot ng pantakip ng mukha sa lahat ng oras maliban kung sila ay mag-isa sa mga pribadong opisina na may saradong pinto o kapag sila ay kumakain o umiinom . Ang eksepsyon na ginawa noong nakaraan para sa mga empleyado na nagtatrabaho sa mga kubiko na may solidong partisyon o panghiwalay na lagpas sa taas ng empleyado habang nakatayo ay napawalang halaga hanggang sa karagdagang abiso.
- ❑ Para matiyak na ang mga maskara (masks) ay isinusuot nang tuloy-tuloy at tama, hindi hinihikayat ang mga empleyado na kumain o uminom maliban sa mga oras ng panandaliang pahinga (breaks) kapag nagagawa na nilang tanggalin nang ligtas ang kanilang mga maskara at pisikal na dumistansya mula sa ibang mga tao. Sa lahat ng oras kapag kumakain o umiinom, dapat na magpanatili ang mga empleyado ng hindi bababa sa anim na talampakang distansya mula sa ibang mga tao. Kapag kumakain o umiinom, mas mainam na gawin ito sa labas at malayo sa ibang mga tao, kung maaari. Ang pagkain o pag-inom sa isang kubiko o puwesto ng trabaho ay mas mainam kaysa sa pagkain sa isang silid sa panandaliang pagpapahinga (breakroom) kung ang pagkain sa isang kubiko o puwesto ng trabaho ay nagkakaloob ng higit na distansya mula sa ibang mga tao at mga harang sa pagitan ng mga manggagawa
- ❑ Ang pag-okupa ay binawasan at ang espasyo sa pagitan ng mga empleyado ay pinalaki (maximized) sa anumang silid o lugar na ginagamit ng mga empleyado para sa mga kainan at/o panandaliang pagpapahinga. Ito ay natamo sa pamamagitan ng;
  - Pagpapaskil ng pinakamaraming pag-okupa na hindi pabago-bago sa pamamagitan ng pagpapagana ng distansya na hindi bababa sa anim na talampakan sa pagitan ng mga indibidwal sa mga silid o lugar na ginagamit sa panandaliang pagpapahinga:
  - Halinhinan ang panandaliang pagpapahinga o mga oras ng kainan para bawasan ang pag-okupa sa mga silid o lugar na ginagamit para sa mga kainan at panandaliang pagpapahinga;

Retirado - Wala ng Epekto

at

- Paglalagay ng mga mesa na anim na talampakan ang layo at pagtitiyak sa anim na talampakan sa pagitan ng mga upuan, pagtatanggal o pagteteyp ng mga upuan para bawasan ang pag-okupa, paglalagay ng mga marka sa sahig para tiyakin ang pagdistansya, at pagsasaayos ng pagkakaupo sa paraang binabawasan ang harapang kontak. Ang paggamit ng mga partisyon ay hinihikayat upang lalong pigilan ang pagkalat ngunit hindi dapat ituring na pamalit para sa pagbabawas ng pag-okupa at pananatili ng pisikal na pagdistansya.

- ❑ Ang mga empleyado ay inatasan na labhan o palitan araw-araw ang kanilang mga pantakip sa mukha (face covering).
- ❑ Ang mga empleyado ay inaalok rin ng mga guwantes para sa mga gawain na kakailanganin nilang hawakan nang madalas ang mga pang-ibabaw (surfaces) o para sa paggamit sa pagsusuri ng sintomas.
- ❑ Ang mga empleyado ay inatasan na magpanatili ng hindi bababa sa 6 na talampakang distansya mula sa mga bisita at sa isa't isa sa lahat ng mga lugar sa Lugar ng Kamping. Ang mga empleyado ay maaaring panandaliang lumapit para tulungan ang mga kostumer, o kung kinakailangan.
- ❑ Ang mga banyo (restrooms) at iba pang mga lugar na karaniwang may tao ay madalas na dinidisimpekta, sa sumusunod na iskedyul:
  - Mga Banyo ______________________________
  - Iba pa ______________________________
- ❑ Ang pandisimpekta at mga kaugnay na gamit ay magagamit ng mga empleyado sa (mga) sumusunod na lokasyon:

  ______________________________

- ❑ Ang hand sanitizer na epektibo laban sa COVID-19 ay magagamit ng lahat ng mga empleyado sa (mga) sumusunod na lokasyon:

  ______________________________

- ❑ Ang mga empleyado ay pinaaalalahanan na hugasan nang madalas ang kanilang mga kamay.
- ❑ Ang isang kopya ng protokol na ito ay naipamahagi na sa bawat empleyado.
- ❑ Hangga't magagawa, ang bawat manggagawa ay tinalagahan ng kanilang mga sariling kagamitan at inutusan na iwasan ang pagsasalo-salo ng mga telepono, tablet, two-way na radyo, iba pang mga gamit sa trabaho o kagamitan sa opisina saanman maaari. Sila rin ay inatasan na huwag kailanman maghiraman ng PPE.
- ❑ Kung saan ang mga bagay ay dapat na mapagsaluhan, ang mga ito ay dinidisimpekta gamit ang isang panlinis na naaangkop para sa ibabaw sa pagitan ng mga shift o paggamit, alinman dito ang mas madalas, kabilang ang mga sumusunod: pinagsasaluhang mga kagamitan sa opisina tulad ng mga tagakopya, mga fax machine, mga printer, mga telepono, mga keyboard, mga stapler, mga staple remover, pambukas ng sulat, mga ibabaw sa mga lugar ng tanggapan o reception areas, mga pinagsasaluhang estasyon ng trabaho, audio at video na kagamitan, walkie talkies atbp.
- ❑ Nagbibigay ng oras sa mga manggagawa para ipatupad ang mga kasanayan sa paglilinis sa kanilang oras ng trabaho. Ang mga pagtatalaga sa paglilinis ay itinatalaga sa mga oras ng trabaho bilang bahagi ng tungkulin sa trabaho ng mga empleyado. Baguhin ang mga oras, kung kinakailangan, para masiguro ang regular, masinsinang paglilinis, kung naaangkop. Ang mga opsyon para sa mga ikatlong partidong kumpanya ng paglilinis ay kinuha para tumulong sa pagdami ng pangangailangan sa paglilinis, kung kinakailangan.
- ❑ Subaybayan ang madalas na pagliban ng mga kawani at magkaroon ng talaan ng sinanay na mga

Retirado - Wala ng Epekto

kapalit na empleyado saanman magagamit.

- ❑ Isaalang-alang ang pagkakabit ng maayos na mga naglilinis ng hangin para sa mga opisina o iba pang mga espasyo sa trabaho, pag-taas ng uri ng mga panala ng hangin ng gusali sa pinakamahuhusay hangga't maaari, at ang paggawa ng iba pang mga pagpapabago para madagdagan ang hanging galing sa labas at bentilasyon sa mga opisina at iba pang mga espasyo.
- ❑ Iayos ang anumang mga pagpupulong ng mga kawani para masiguro ang pisikal na pagdistansya at gumamit ng mas konting bilang ng mga indibidwal na pagpupulong para mapanatili ang mga gabay ng pisikal na pagdistansya.
- ❑ Ganapin ang mga pagpupulong sa mga manggagawa gamit ang telepono, sa pamamagitan ng webinar, o sa labas saanman maaari. Isaalang-alang ang birtuwal na pag-iinterbyu at pagtatanggap para sa bagong kawani kailanman maaari.
- ❑ Ang lahat ng mga patakaran na inilarawan sa listahan na ito maliban sa mga may kaugnayan sa mga tuntunin ng trabaho ay nalalapat sa kawani ng pagdedeliber (delivery staff) at anumang iba pang mga kumpanya na maaaring nasa mga nasasakupang lugar bilang mga ikatlong partido.
- ❑ Opsyonal-Ilarawan ang iba pang mga hakbang:

____________________________________________________________

## B. MGA HAKBANG PARA MASIGURO ANG PISIKAL NA PAGDISTANSYA

- ❑ Magpatupad ng mga hakbang para masiguro ang pisikal na pagdistansya na hindi bababa sa anim na talampakan sa pagitan at sa piling ng mga manggagawa at mga bisita. Maaaring kabilangan ito ng pag-lalagay ng isang Plexiglass na harang sa pagitan ng mga kawani at bisita sa mga tindahan, mga lobi, mga lugar ng tanggapan, o sentro ng bisita o gamit ang mga nakikitang hudyat upang gabayan ang mga bisita kung saan tatayo o pipila. Ang mga bisita ay dapat ring madirektahan kung saan tatayo, gamit ang mga nakikita at/o pasalitang hudyat kung naaangkop, kapag naghihintay na gumamit ng mga estasyon sa pagpupuno ng tubig, estasyon ng basura ng RV, estasyon ng pagpupuno ng propane, at iba pang katulad na mga lokasyon ng serbisyo.
- ❑ Ang mga kawani ay pinapaalalahanan na iwasan ang pakikipagkamay, pagdidikit ng mga kamao o siko, at iba pang pisikal na kontak.
- ❑ Ang mga opereytor ay dapat na subaybayan ang mga lugar kung saan ang mga tao ay malamang na magtipon at siguraduhin na ang pisikal na pagdistansya at iba pang mga gabay ay nasusunod. Ang mga lugar na ito ay maaaring kabilangan ng mga lugar ng palanguyan, larangan ng palakasan, lugar ng habulan o trail heads, kilalang lugar na ginagamit sa araw, at lugar ng piknik. Magpaskil ng mga palatandaan o sign tungkol sa mga kinakailangan ng pisikal na pagdistansya.
- ❑ Ang mga sumusunod na lugar ay mananatiling sarado: mga basketbolan at mga korte ng balibol, estraktura ng akyatan at mga lugar ng palaruan.
- ❑ Para sa mga pasilidad na nagkakaloob ng bayad, kontroladong mga panlabas na aktibidad, isaalang-alang ang pagpapatupad ng isang sistema ng reserbasyon para limitahan ang bilang ng mga bisita sa pasilidad.
- ❑ Isaalang-alang ang pagpapatupad ng malayuang mga opsyon ng pag-check-in para sa mga bagong dating sa mga lugar ng kamping o parke ng RV saanman maaari. Magpaskil ng mga palatandaan sa pasukan ng parke para magbigay ng komunikasyon sa mga bisita tungkol sa kung ano ang kailangan nilang gawin pagdating. Maglista ng isang numero ng telepono, bilang halimbawa, para makontak ng mga bisita kaysa pumasok sa lugar ng rehistrasyon. Hikayatin ang paggamit ng online na pagbabayad, on-site na mga estasyon sa pagbabayad, credit card na pagbabayad, o pagbabayad gamit ang

Retirado - Wala ng Epekto

Retirado - Wala ng Epekto

telepono, saanman maaari.

- ❑ Kung ang malayuang check-in ay hindi magagawa, icheck-in ang mga bisita sa labas, kung posible, at i-email ang mga resibo. Kung saan kakailanganin, eskortehan o direktahan ang mga bisita direkta sa kanilang lugar sa kanilang pagdating na sinusunod ang mga kinakailangan sa pisikal na pagdistansya. Isang sambahayan lamang ang mag-ookupa ng bawat lugar ng kamping o nirerentahang yunit at ang mga hindi rehistradong bisita ay hindi pahihintulutang pumasok sa lugar ng kamping o parke ng RV.
- ❑ Isaalang-alang ang pagpapatupad ng isang proseso para sa mga bisita na paunang makabili ng mga bagay mula sa pangkalahatang tindahan, kasama na ang kahoy na panggatong, mga bagay na pagkain, o iba pang mga paninda, at magkaroon ng kawani na maghahatid ng mga pinamili sa lugar ng kamping ng bisita o RV.
- ❑ Ang mga panlabas na espasyo na nilalayon para sa mga pagtitipon at punsyon ng grupo, kabilang ang mga pavilion, mga palibot sa komunal na apoy, kusina ng kampo para sa pampublikong paggamit, at mga ampiteatro ay dapat manatiling sarado. Tanggalin, ihiwalay, magpaskil ng mga palatandaan ng pagsasara, o talian ang lahat ng mga bangko, mga mesa ng piknik sa karaniwang lugar, at pagpapaupo nang maramihang tao (kabilang ang pag-upo sa palibot ng apoy na hukay) para hindi maghikayat sa mga bisita na magtipon-tipon.
- ❑ Ang lahat ng mga pampublikong kaganapan at/o punuang pagtitipon, kabilang ang mga bonfire ng grupo, mga pang-grupong lugar ng kamping, mga presentasyon at panlabas na ampiteatro, musikal o iba pang mga pagganap, o iba pang mga kaganapan ay dapat na kanselahin o ipagpaliban.
- ❑ Ang mas maliliit na kanlungan ng piknik, gaya ng mga karaniwang tumatanggap ng mga grupo ng sambahayan lamang, ay maaaring manatiling bukas na may ipinaskil na mga kaugnay na paghihigpit sa pisikal na pagdistansya (hal., nililimitahan ang paggamit sa isang sambahayan sa iisang panahon).
- ❑ Tasahin ang lugar ng kamping at mga lugar ng parke ng RV para matukoy kung ang parke ay nangangailangang patakbuhin sa isang binawasang kapasidad nang sa gayon ay makapagpanatili ng pisikal na pagdistansya.

## MGA PANLABAS NA AKTIBIDAD

- ❑ Ang mga opereytor ay dapat na gumawa ng mga hakbang para siguruhin na ang mga aktibidad na may mas mataas na antas na panganib, kabilang ang mga hindi pa nirerekomenda ng gabay ng estado, ay hindi nagaganap sa kanilang mga ari-arian.
- ❑ Suriin ang mga proseso para sa pagpapaupa at pagpapahiram ng panlibangang kagamitan at tukuyin kung may sapat na kapasidad ng kawani at magagamit na mga gamit ng panlinis at pandisimpekta para muling buksan ang mga nasabing operasyon. Tingnan ang patnubay ng county sa mga pagpapaupa ng panlabas na kagamitan para sa karagdagang impormasyon.
- ❑ Baguhin ang mga panlabas na panlibangang aktibidad, saanmaan kakailanganin, para masiguro na wastong maipatutupad ang protokol sa paglilinis at pagdidisimpekta.
- ❑ Sundin ang mga gabay na matatagpuan sa website ng county para sa mga sari-saring panlabas na aktibidad, gaya ng archery, tennis, mga daanan atbp. para masiguro na nasusunod ang mga protokol sa sapat na pagkontrol ng impeksyon at pisikal na pagdistansya http://www.ph.lacounty.gov/media/Coronavirus/
- ❑ Ang paglilinis at pagdidisimpekta ng mga “malambot na gamit” tulad ng mga salbabida, mga wetsuit, mga koton lead rope, mga saddle bag, o mga backpack, ay nagbabadya ng partikular na mga hamon. Ang nasabing kagamitan ay nangangailangan ng isang epektibong pamamaraan sa paglilinis o sapat na imbentaryo ng kagamitan para makapagpahintulot ng sapat na pagpapahinga o “down time” na hindi bababa sa tatlong araw sa pagitan ng mga paggamit para mabawasan o mapababa ang panganib ng transmisyon ng COVID-19.

Retirado - Wala ng Epekto

- ❑ Ang mga programa at laro na may mataas na kontak na nangangailangan ng malapitang pakikisalamuha na mas mababa sa anim na talampakan ang distansya sa pagitan ng mga miyembro ng magkakaibang sambahayan ay dapat na suspindihin. Kinabibilangan ito ng mga aktibidad tulad ng mga kaganapan ng pang-grupong laro, pick-up basketball, intermural na aktibidad ng laro, karera, o sayaw.
- ❑ Limitahan ang mga panlabas na panlibangang aktibidad na may mataas o malapitang kontak sa mga yunit ng sambahayan. Kinabibilangan ito ng mga pagpaparenta ng bangka, mga kurso ng lubid, at pag-aakyat sa mga pader. Sa mga lugar ng kamping at parke ng RV, isaalang-alang kung ang mga paglalakad sa kalikasan, gabi ng pelikula, mini-golf, geocaching, scavenger hunts, o iba pang mga aktibidad ay maaaring buuin para sa mga yunit ng sambahayan sa paraan na nakapagpapanatili ng pisikal na pagdistansya.
- ❑ Kapag sinusuotan ang mga tao ng helmet, gear, pamprotektang kasuotan, salbabida, o iba pang mga bagay, ang mga kawani ay dapat na magpanatili ng pisikal na pagdistansya. Saanman posible, ang mga kawani ay dapat imuwestra kung paano ang tamang pagsusuot at pagtanggal ng kagamitan kaysa labagin ang pisikal na pagdistansya para tumulong.

## KOMUNAL NA BANYO AT DUTSA NA PASILIDAD

- ❑ Ang mga pampublikong banyo ay dapat na linisan at disimpektahin buong araw. Ang sagad na pag-okupa para sa lugar ng kamping, parke na RV, o lugar ng libangan ay dapat na ibatay sa bilang ng mga ganap na gumaganang banyo na kayang panatilihin ng opereytor ng parke at kayang suportahan ang mga kinakailangan ng pisikal na pagdistansya.
- ❑ Ang mga napagsasaluhang pasilidad ng banyo ay dapat na oras-oras na linisin buong araw gamit ang mga pandisimpekta na rehistrado sa EPA. Ang mga ibabaw na madalas nahahawakan gaya ng mga gripo, inidoro, hawakan ng pinto, at suwits ng ilaw ay dapat na regular na linisin at disimpektahin. Ang mga empleyado ay dapat na sinanay sa mga panganib at wastong paggamit ng mga bagong produkto alinsunod sa mga kinakailangang ng Cal/OSHA at mapagkalooban ng anumang kailangang pamprotektang kagamitan para sa partikular na mga produktong panglinis na ginagamit, tulad ng proteksyon sa mata o mga guwantes.
- ❑ Lumikha at magpaskil ng isang iskedyul sa paglilinis sa bawat bukas na pasilidad ng banyo. Ipaskil ang iskedyul ng paglilinis sa harapan ng pinto nang sa gayon ang mga bisita ay alam kung kailan nila magagamit/hindi magagamit ang banyo. Siguruhin na isara ang banyo sa panahon ng proseso ng paglilinis at pagdidisimpekta.
- ❑ Isaalang-alang ang paggamit ng isang listahan o sistema ng audit upang masubaybayan kung gaano kadalas isinasagawa ang paglilinis.
- ❑ Payagan lamang ang paggamit ng silid ng dutsa o shower room kung ang mga partisyon ay naisaayos o ang mga palatandaan ay naipaskil upang tukuyin ang mga kinakailangan sa pisikal na pagdistansya. Kung ang mga partisyon o wastong pagdistansya ay hindi posible, dapat na manatiling sarado ang mga pasilidad na ito.
- ❑ Siguruhin na ang mga pasilidad sa kalinisan ay nananatiling gumagana at patuloy na may sapat na mga gamit sa lahat ng oras. Magkaloob ng karagdagang sabon, mga papel na tuwalya, at hand sanitizer kapag kailangan. Mag-kabit ng mga aparato na hindi hinahawakan, kung posible, mga lababo na motion sensor, gripo, dispenser ng sabon, dispenser ng sanitizer, at dispenser ng papel na tuwalya.
- ❑ Ang mga pinto papunta sa maramihang banyo ay dapat na magawang buksan at masasara nang hindi hinahawakan ang mga hawakan. Kung ang pintuan ay hindi maaaring buksan nang hindi hinahawakan o sa pamamagitan ng door-operator gamit ang kamay, maglagay ng isang basurahan sa pintuan para masiguro na ang isang papel na tuwalya ay madaling maitatapon kapag hinahawakan ang pinto. Ang lokasyon at pagpupuwesto ng mga basurahan ay hindi dapat nakakasagabal sa paglabas, ebakwasyon, kagamitang pang-emerhensya, o anumang makatwirang tulong na binabanggit sa ilalim ng Americans with Disabilities Act. Siguruhin na ang mga basurahan ay palaging tinatanggalan ng laman.
- ❑ Ang mga bisita ng lugar ng kamping, parke ng RV, at panlabas na panlibangan ay dapat na nasasabihan

na ang mga lababo ay maaaring mapagkukunan ng impeksyon at dapat na iwasan ang paglalagay ng mga sepilyo at iba pang mga bagay direkta sa mga ibabaw ng counter. Ang mga maliliit na bag ay maaari ring gamitin para sa mga personal na bagay para malimitahan ang kanilang kontak sa iba pang ibabaw sa banyo.

- ❑ Ang pangasiwaan ng lugar ng kamping at parke ng RV ay dapat na hikayatin ang mga bisita na nananatili sa mga sasakyan na dala ang mga kagamitan na pangbanyo at pangdutsa/panligo na gamitin ang kanilang sariling mga pasilidad kaysa sa mga napagsasaluhan, kung posible.
- ❑ Magkaloob ng impormasyon sa kung paano maghugas ng mga kamay nang wasto, kabilang ang pagsasabit ng mga palatandaan sa mga banyo.

Retirado - Wala ng Epekto

## MGA PALANGUYAN AT PANTUBIG NA LUGAR

- ❑ Ang mga panlabas na palanguyan lamang ang pinapayagan na buksan sa kasalukuyan hangga't ang mga ito ay gagamitin lamang para sa napangasiwang paglalangoy ng lap (isang manlalangoy kada lane).
- ❑ Ang mga sauna, mga silid ng singaw, at mga mainit na liguan ay dapat na manatiling sarado.
- ❑ Panatilihin ang wastong antas ng pandisimpekta (1-10 bahagi kada milyong free chlorine o 3-8 ppm bromine) at pH (7.2-8).
- ❑ Kumonsulta sa kumpanya o inhinyero na nagdisensyo sa pantubig na lugar upang mapagpasyahan kung aling mga pandisimpekta na aprubado ng EPA ang pinakamahusay para sa pantubig na lugar. Siguruhin ang ligtas at tamang paggamit at pag-iimbak ng mga pandisimpekta, kabilang ang ligtas na pagtatabi ng mga produkto na malayo sa mga bata.
- ❑ Isaayos ang isang sistema nang sa gayon ang kasangkapang-bahay at kagamitan (hal., mga upuan ng silid-pahingahan) na kailangang linisin at disimpektahin ay nakatabi nang hiwalay mula sa kasangkapang-bahay na nalinis at nadisimpekta na. Tatakan ang mga lalagyan para sa mga nagamit na kagamitan na hindi pa nalilinis at nadidisimpekta at mga lalagyan para sa nalinis at nadisimpektang kagamitan.
- ❑ Hikayatin ang mga bisita na magdala at gamitin ang kanilang sariling mga tuwalya. Kung ang mga tuwalya ay ipinagkakaloob, labhan ang mga ito ayon sa mga instruksyon ng tagagawa. Gamitin ang pinaka-maligamgam na naaangkop na temperatura ng tubig at ganap na tuyuin ang mga ito. Panghawakan ang mga tuwalya gamit ang patapon na guwantes at huwag masyadong gagalawin, hal., huwag ipagpag ang mga ito.
- ❑ Huwag hikayatin ang mga tao na gumamit ng pinagsasaluhang mga bagay, partikular yong mga mahihirap linisin o disimpektahin o yong mga nilalayong idikit sa mukha (hal., salaming pandagat, mga klip sa ilong, at mga snorkel).
- ❑ Siguruhin na ang pasilidad ay may sapat ng kagamitan para sa mga tagapagtangkilik, gaya ng mga kick board, pool noodle, at iba pang mga aparato sa pagpapalutang, para mabawasan ang pagsasalo-salo saan man maaari. Limitahan ang paggamit sa isang tao sa iisang oras at linisin at disimpektahin ang lahat ng mga bagay pagkatapos ng kada gamit.
- ❑ Palitan ang pagkakaayos ng kubyerta at iba pang mga lugar na pumapalibot sa palanguyan upang masiguro na ang mga lugar na tinatayuan at inuupuan ay maaaring sumuporta sa mga kinakailangan ng pisikal na pagdistansya. Maaaring kabilangan ito ng pagtatanggal ng mga upuan o paglagay ng tali sa mga lugar upang dismayahin ang paggamit.
- ❑ Nagbibigay ng mga pisikal na palatandaan o gabay (halimbawa, mga linya ng lane sa tubig o mga upuan at mga talahanayan sa kubyerta o deck) at nakikitang palatandaan (halimbawa, teyp sa mga kubyerta o deck, sahig, o bangketa) at mga palatandaan para siguruhin na ang mga kawani, bisita at manlalangoy ay nananatiling hindi bababa sa anim na talampakan ang layo mula sa isa't isa, kapwa sa loob at labas ng tubig.
- ❑ Kung saan magagawa, maglagay ng mga hindi tinatagusang pisikal na harang tulad ng Plexiglass kung

saan ang mga kawani at tagapagtangkilik ay makikipag-ugnayan, at ang pisikal na pagdistansya ay mahirap gawin.

- ❑ Isaalang-alang ang pagpapatupad ng mga reserbasyon para sa paggamit ng palanguyan o pagpapatupad ng ibang mga mekanismo para suportahan ang pisikal na pagdistansya. Maaaring ibilang dito ang pagrereserba ng mga ganap na lane para sa indibidwal na paglalangoy ng lap.
- ❑ Ang mga tagapagsagip na aktibong ginagampanan ang kanilang tungkulin ay hindi inaasahan na subaybayan ang paghuhugas ng kamay, paggamit ng mga telang pantakip sa mukha o panlipunang pagdistansya. Italaga ang responsibilidad ng pagsubaybay na ito sa isa pang miyembro ng kawani.
- ❑ Ang mga pantubig na lugar ay dapat na iwasan ang mga aktibidad na nagtataguyod ng mga pagtitipon ng grupo.

## ❑ MGA KABIN AT MGA YUNIT NA PINARERENTAHAN

- ❑ Ang mga lugar ng kamping at mga parke ng RV na may mga cabin o iba pang mga pinapaupahang yunit ay dapat na gawin ang mga wastong hakbang para linisin at idisimpekta ang mga lugar na yon pagkatapos ng bawat paggamit. Kinabibilangan ito ng pagpupunas at paglilinis ng mga hawakan ng kama, mesa, remote ng TV, headboard, ibabaw ng counter, kagamitan sa kusina, hawakan ng repridyereytor, pihitan ng kalan, salamin, at iba pang mga bagay.
- ❑ Ang lahat ng mga sapin ng kama ay dapat na tanggalin at labhan sa pagitan ng bawat pananatili ng bisita, kabilang ang mga bagay na tila hindi nagamit. Sa paglilinis ng mga kubre-kama, tuwalya, o iba pang mga nilabhang bagay sa mga pinapaupahang yunit, siguruhin na ang mga kawani ay may suot-suot na patapon na guwantes kapag humahawak ng maruruming labahin at itapon ang mga ito pagkatapos ng bawat paggamit. Hugasan kaagad ang mga kamay gamit ang tubig at sabon o gumamit ng hand sanitizer pagkatapos na tanggalin ang mga guwantes. Huwag magtatabi ng ekstrang mga sapin sa kama sa pinapaupahang yunit. Ipagkaloob ang mga nasabing bagay kapag hiniling lamang.
- ❑ Huwag ipagpag ang maruruming labahin. Pababain nito ang posibilidad ng pagkalat ng virus sa hangin. Labhan ang mga bagay nang naaangkop alinsunod sa mga instruksyon ng tagagawa. Kung maaari, labhan ang mga bagay gamit ang pinaka-maligamgam na naaangkop na setting ng tubig para sa mga bagay at ganap na tuyuin ang mga ito. Linisan at disimpektahin ang mga panglabadang basket ayon sa patnubay na nasa itaas para sa mga ibabaw. Kung maaari, ikunsidera ang paglalagay ng isang sapin na maaaring itapon na sa bawat paggamit o labhan pagkatapos ng bawat paggamit.
- ❑ Ang mga gamit sa kusina, kabilang ang mga palayok, kawali at kubyertos, ay dapat na masinsinang linisin gamit ang sabon at mainit na tubig, mas mainam kung sa isang dishwasher, sa pagitan ng bawat pananatili ng bisita. Magkaloob ng sapat na sabong pangplato at bago, hindi pa nagagamit na espongha para sa bawat bisita sa oras ng pagdating. Isaalang-alang ang pagpapalit ng mga kubyertos sa mga minsanang-gamit na pangkusina, kung magagawa.
- ❑ Isaalang-alang ang pagpapasimula ng 24 na oras na panahon ng paghihintay pagkatapos na ang bisita ay nag-check out na bago linisin ang anumang akomodasyon na pag-aari ng lugar ng kamping, kabilang ang mga pinauupahang yunit.
- ❑ Ang anumang yunit na pinauupahan na nilalayon para sa malalaking pagtitipon, kabilang ang mga komperensya o pagpupulong, ay dapat na hindi buksan hangga't ang nasabing mga operasyon ay maaari nang magpatuloy.

## PAGKAIN AT KAINAN

- ❑ Sundin ang Gabay ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan tungkol sa mga restawran para sa mga instruksyon tungkol sa pagkain at kainan.
- ❑ Ang mga opereytor ng panlabas na libangan ay dapat na hindi magdaos ng mga potluck o katulad na pampamilyang estilo ng kainan at mga kaganapan ng inuman na itinataas ang panganib ng palitan ng

Retirado - Wala ng Epekto

kontaminasyon. Kung ang mga pagkain at inumin ay dapat na ihain o pagsaluhan, ipagkaloob ang mga bagay sa minsanang pagsisilbi, na nakalagay sa mga patapon na lalagyan kailanman maaari. Ang mga kawani o boluntaryo na nagsisilbi ng pagkain ay dapat na madalas na maghugas ng mga kamay at magsuot ng mga patapon na guwantes at pantakip sa mukha.

### MGA PASILIDAD SA PAGLALABA

- ❑ Kung kinakailangan, isaayos ang mga oras ng pagpapatakbo para sa mga pasilidad ng labahan para masiguro na ang mga kawani ay may sapat na oras para sa madalas na paglinis at pagdisimpekta ng mga takip at pinto ng makinarya sa paglalaba, lint screen, ibabaw ng mesa at counter, mga upuan o bangko, dispenser ng sabon, vending machine, change machine, lababo, at iba pang mga lugar.
- ❑ Isaalang-alang ang paglalagay ng hand sanitizer at mga pandisimpektang pamunas sa silid ng paglalaba nang sa gayon ang mga bisita ay maaaring punasan ang lugar bago/pagkatapos nilang gamitin ang mga makinarya.
- ❑ Tanggalin ang lahat ng mga laro, libro, pulyeto, at iba pang mga bagay mula sa pasilidad ng labahan. Tanggalin ang mga basket ng labada o lalagyan, kung ipinagkaloob.
- ❑ Isaalang-alang ang pagbubuo ng isang appointment na sistema para sa mga pasilidad ng paglalaba nang sa gayon ang mga kawani ay nalalaman kung kailan ang mga pasilidad ay ginagamit at ang mga bisita ay magagawang iwasan ang hindi kinakailangang pakikipag-ugnayan. Panatilihing naka-lock ang mga kagamitan sa paglalaba sa pagitan ng nakatakdang appointment upang matiyak ang sapat na oras para sa paglinis.
- ❑ Kung ang isang appointment na sistema ay hindi posible, panatilihin ang pisikal na pagdistansya sa pamamagitan ng pagsasara sa bawat iba pang makinarya nang sa gayon ang anim na talampakan na pisikal na pagdistansya ay magagawang mapanatili sa pagitan ng mga bisita.
- ❑ Hikayatin ang mga bisita na maghintay sa labas habang ang labada ay nilalabahan/pinatutuyo. Bilang alternatibo, gumamit ng mga nakikitang hudyat para direktahan ang mga bisita kung saan tatayo, at lilimitahan ang akses upang ang mga indibidwal na bisita ay maaaring gamitin ang maraming makinarya na magkakasama.
- ❑ Tukuyin kung ano ang sagad o pinakamalaking bilang na kapasidad na dapat para sa sukat ng silid at magpaskil ng isang palatandaan sa pinto na nagsasaad kung ilang mga indibidwal ang maaari sa silid nang sabay-sabay, kasama rin ang mga iskedyul ng paglilinis at pagdidisimpekta.

## C. MGA HAKBANG PARA SA PAGKONTROL NG IMPEKSYON

- ❑ Kontakin ang mga bisita na may mga reserbasyon sa lugar ng kamping at mga parke ng RV bago ang kanilang nakaiskedyul na pagdating para kumpirmahin ang kanilang reserbasyon at tanungin kung siya o isang tao sa kanilang sambahayan ay nagpapakita ng anumang mga sintomas ng COVID-19. Kung ang bisita ay sasagot ng oo, i-reiskedyul o kanselahin ang reserbasyon.
- ❑ Ang mga bisita na dumarating sa establisyemento ay pinaaalalahanan na magsuot ng pantakip sa mukha sa lahat ng oras (maliban habang kumakain o umiinom, kung naaangkop) habang nasa establisyemento o sa nasasakupang lupa ng establisyemento. Ito ay nalalapat sa lahat ng mga matatanda at sa mga bata na 2 taong gulang at mas matanda pa. Ang mga indibidwal lamang na inatasan ng kanilang medikal na tagapagbigay (medical provider) na huwag magsuot ng pantakip sa mukha ang hindi saklaw na magsuot nito. Para suportahan ang kaligtasan ng iyong mga empleyado at iba pang mga bisita, ang isang pantakip sa mukha ay dapat na magamit ng mga bisita na dumarating na wala nito.
- ❑ Ang mga pag-iiskrin o pagsusuri sa síntomas ay isinasagawa bago ang mga bisita ay maaaring makapasok sa pasilidad. Ang mga pagsusuri ay dapat magsama ng isang pagtanong tungkol sa ubo, pangangapos ng hininga, kahirapan sa paghinga at lagnat o panggiginaw, at kung ang indibidwal ay

Retirado - Wala ng Epekto

kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pagbubukod o pag-quarantine. Ang mga pagsusuring ito ay maaaring gawin nang personal o sa pamamagitan ng mga alternatibong pamamaraan tulad ng mga sistema ng on-line check in o sa pamamagitan ng [karatula] na nakapaskil sa pasukan ng pasilidad na nagsasaad na ang mga bisita na may mga síntomas na ito ay hindi dapat pumasok sa lugar.

- ❑ Magsagawa ng masinsinang paglilinis nang buong araw sa mga lugar na maraming tao, gaya ng mga lugar ng tanggapan at lobi, mga sentro para sa bisita, mga silid sa panandaliang pamamahinga ng mga kawani, banyo, at mga lugar sa pagpasok at paglabas kabilang ang mga hagdan at hawakan.
- ❑ Disimpektahin nang madalas ang mga karaniwang ginagamit na ibabaw at mga bagay kabilang ang mga manibela at kambyo ng mga sasakyan, mga susi, mga kasangkapan, pamasak ng tubig, basurahan, pahingahang upuan, napagsasaluhang kagamitan, hawakan ng pinto, ibabaw ng counter, banyo, at mga pasilidad sa paghuhugas ng kamay.
- ❑ Ang mga opereytor ng panlabas na libangan ay dapat na kumonsulta sa mga gumagawa ng kagamitan upang matukoy ang mga naaangkop na hakbang sa pagdidisimpekta, partikular para sa malalambot at may mga butas na ibabaw. Hikayatin ang mga bisita na magdala at gumamit ng kanilang sariling kagamitan saanman maaari.
- ❑ Lagyan ang mga lugar na tanggapan ng bisita at mga lugar ng pag-check-in at mga estasyon ng trabaho ng mga kawani, ng mga wastong produkto sa kalinisan, kabilang ang hand sanitizer at mga pandisimpektang pamunas.
- ❑ Ang mga gamit, kabilang ang mga mapa ng trail, libro, magasin, kape, tubig, estasyon ng serbisyo sa sarili (maliban kung hindi kailangang hawakan), at iba pang mga bagay para sa mga bisita, ay dapat na tanggalin sa mga lugar ng tanggapan upang mabawasan ang mga madalas hawakan at pagkikipag-ugnayan sa mga bisita. Ang mga mapa ng trail at iba pang mga nakaprint na materyales na nagbibigay ng impormasyon ay maaaring ipamahagi sa mga bisita sa sandali ng pagdating para sa kanilang indibidwal na paggamit.
- ❑ Ang mahihirap na linisin at karaniwang nahahawakang mga bagay, kabilang ang napagsasaluhang mga larong board at libro, ay hindi dapat ipahiram sa mga bisita, kung posible. Kung ipapahiram ang mga nasabing bagay, isaalang-alang ang paglalagay ng mga isinauling bagay sa isang imbakang lalagyan nang hindi bababa sa tatlong araw bago ipahiram sa ibang bisita.
- ❑ Sundin ang mga patnubay ng CDC upang masiguro na ang lahat ng mga sistema ng tubig ay ligtas na gamitin pagkatapos ng matagal na pagsasara ng pasilidad upang mabawasan ang panganib ng sakit na Legionnaires at iba pang mga karamdaman na nauugnay sa tubig.
- ❑ Madalas ang mga pasilidad ng banyo na walang tubig, gaya ng mga naililipat na banyo at mga banyong hindi ginagamitan ng tubig, ay hindi nalalagyan ng mga produkto para sa kalinisan ng kamay. Hikayatin ang mga bisita na maghanda na magdala ng kanilang sariling hand sanitizer na may hindi bababa sa 60% alkohol para gamitin sa mga pasilidad na ito. Kung ipinagkaloob, siguruhin na ang mga naililipat na estasyon sa paghuhugas ng kamay ay napapanatili at napupunan ng sabon, tuwalya at tubig.
- ❑ Linisan ang mga pasilidad ng banyo ng mas madalas na iskedyul para mapanatili silang malinis at mahikayat ang mga kamper at bisita na gamitin sila, nang sa gayon ay naiiwasan ng mga kamper na tanggihan ang marurumi at walang kalinis-linis na mga banyo at sa halip ay gagamitin ang labas. Saanman posible, magkaloob ng mga patapon na takip ng upuan sa mga banyo.
- ❑ Hikayatin ang mga bisita na iimpake palabas kung ano ang kanilang inimpake papasok, saanman posible, upang mabawasan ang dami ng basura na dapat itapon ng mga kawani sa lugar ng kamping, parke, trailhead, o iba pang pasilidad.
- ❑ Ang mga estasyon sa pagpupuno ng tubig, tapunang estasyon ng RV, at mga estasyon sa pagpupuno ng propane ay dapat na linisin at disimpektahin bawat araw at ang mga kawani ay dapat na punasan ang kagamitan pagkatapos ng bawat paggamit. Kung posible, maglagay ng hand sanitizer malapit sa mga pasilidad na ito para sa paggamit ng bisita at kawani.



Retirado - Wala ng Epekto

- ❑ Ang mga kawani ay dapat na iwasan ang pagsasalo-salo sa mga kasangkapan, telepono, elektroniko, at mga suplay ng opisina hangga't maaari at, saanman magagawa, siguruhin na ang mga manggagawa ay may mga pinaglaanang estasyon ng trabaho para sa kanilang personal na paggamit. Huwag kailanman maghiraman ng PPE.
- ❑ Kapag namimili ng mga kemikal na panlinis, ang mga amo o employer ay dapat na gumamit ng mga produktong aprubado para sa paggamit laban sa COVID-19 na nasa aprubadong N na listahan ng Environmental Protection Agency (EPA) at sundin ang mga instruksyon ng produkto. Gumamit ng mga pandisimpekta na may tatak ng pagiging epektibo laban sa mga lumalabas na viral pathogens, pinalabnaw na pangtahanang bleach solusyon (5 kutsara kada galon ng tubig), o alkohol na solusyon na may hindi bababa sa 70% alkohol na naaangkop para sa ibabaw. Pagkalooban ang mga empleyado ng pagsasanay sa mga direksyon ng taga-gawa at mga kinakailangan ng Cal/OSHA para sa ligtas na paggamit. Ang mga manggagawa na gumagamit ng mga panlinis o pandisimpekta ay dapat na magsuot ng guwantes at iba pang pamprotektang kagamitan gaya ng inaatas ng produkto.
- ❑ Pagkatapos ng pananatili ng bawat bisita, ang mga bagay sa bawat lugar ay dapat na punasan nang wasto, linisin, at disimpektahin. Kabilang rito ang mga ihawan ng BBQ, upuan, lahat ng sekundaryong upuan (hal., mga duyan o bangko), pamasak ng tubig, at mga kawad ng kuryente at tubig ng RV.
- ❑ Siguruhin na ang lahat ng mga manggagawa ay sinanay na gumamit at may sapat na suplay ng panlahatang panlinis at pandisimpekta, kapag kailangan.
- ❑ Ang mga manggagawa sa paglilinis o pag-iingat ay dapat na sabihan kung sila ay magtatrabaho sa isang lokasyon kung nasaan dati ang isang nahawaang tao. Ang kwalipikadong ikatlong partido sa serbisyo ng paglilinis ay inirerekomenda para sa dekontaminasyon ng mga naapektuhang lugar.
- ❑ Kung ang mga manggagawa sa paglilinis o pag-iingat ay sinabihan na idisimpekta ang isang lugar na kilalang may mga kaso ng COVID-19, hindi sila dapat magsimula ng mga operasyon hangga't ang opereytor ng lugar ng kamping o RV ay nakapagbigay ng wastong pamprotektang kagamitan at pagsasanay. Ang mga kawani sa paglilinis at pag-iingat ay dapat na magsuot ng mga patapon na guwantes para sa lahat ng mga gawain sa proseso ng paglilinis, kabilang ang paghahawak ng basura. Ang mga manggagawa ay pinaaalalahanan na maghugas agad ng mga kamay gamit ang sabon at tubig o gumamit ng hand sanitizer pagkatapos na tanggalin ang mga guwantes. Ang karagdagang PPE ay maaaring kailanganin, kabilang ang mga salaming mata, base sa mga produkto ng paglilinis at pagdidisimpekta na ginagamit at kung may panganib ng pagsaboy.
- ❑ Ang mga kawani sa paglilinis ay dapat na mapagkalooban ng pagsasanay at impormasyon tungkol sa mga panganib ng mga panlinis at pandisimpekta na ginamit, ang pagkakaroon ng mga kopya ng impormasyon sa kaligtasan, kinakailangang PPE, at bentilasyon na kailangan.
- ❑ Ang mga manggagawa ay dapat na may sapat na bentilasyon (daloy ng hangin) sa mga lugar kung saan sila naglilinis. Kung naglilinis sa isang banyo o iba pang maliit na espasyo, siguruhin na ang pinto at mga bintana ay bahagyang nakabukas.
- ❑ Para mabawasan ang panganib ng hika na nauugnay sa pagdidisimpekta, ang mga programa ay dapat na nilalayong pumili ng mga produkto ng pandisimpekta na nasa N na listahan na may ligtas na sangkap para sa hika (hydrogen peroxide, citric acid o lactic acid). Iwasan ang mga produkto na hinahalo ang mga sangkap na ito sa peroxyacetic acid, sodium hypochlorite (bleach) o quaternary ammonium compounds, na maaaring makapagsanhi ng hika.
- ❑ Ang mga bisita sa lugar ng kamping at parke ng RV ay dapat na mapaalalahanan na magpanatili ng anim na talampakang distansya mula sa mga kawani ng pagmementena, paglilinis, o pag-iingat na nasa koponan ng pagpapanatili. Magpatupad ng isang proseso na regular na tumitingin sa mga manggagawa para masiguro na sinusunod ng mga bisita ang protokol na ito. Siguruhin ang mga manggagawa na magagawa nilang magbahagi ng nasabing impormasyon nang walang takot ng paghihiganti.
- ❑ Ang mga operasyon sa lugar ng kamping at parke ng RV ay dapat na suriin kung ang parke ng aso na nasa lugar ay sapat ang laki para tanggapin ang mga bisita at kanilang mga alaga habang napapanatili

Retirado - Wala ng Epekto

ang pisikal na pagdistansya. Kung ang espasyo ay hindi sapat, ang mga parke ng aso ay dapat na palakihin, limitahan ang pag-ookupa, o isarado.

## D. MGA HAKBANG SA KOMUNIKASYON SA PUBLIKO

- ❑ Ang mga opereytor ng lugar ng kamping at parke ng RV ay dapat na gumawa ng mga hakbang para siguruhin na ang mga bisita ay ganap na alam ang mga bagong patakaran at pamamaraan bago ang kanilang pagdating. Ang nasabing mga patakaran ay dapat na isama ang karapatan ng mga opereytor ng lugar ng kamping at parke ng RV na ikansela ang mga reserbasyon para sa mga grupo na may mga bisitang nagpapakita ng sintomas; mga bagong pamamaraan sa pagcheck-in; mga kinakailangan sa pisikal na pagdistansya; at mga iskedyul sa paglilinis at pagdidisimpekta para sa mga akomodasyon, gamit, at karaniwang lugar gaya ng lugar ng check-in/rehistrasyon at ang pangkalahatang tindahan ng parke o ang sentro ng mga bisita.
- ❑ Magkaloob ng impormasyon sa mga bisita sa mga sumusunod na paksa:
  - Magplano ng maaga, gumawa ng mga reserbasyon at bumili ng mga permit, panggatong, yelo at iba pang mga bagay online o gamit ang telepono bago dumating sa lugar.
  - Maging nakapaloob sa sarili at sapat sa sarili hangga't maaari. Halimbawa, dumating nang handa dala ang iyong sariling sabon, mga gamit na pandisimpekta ng ibabaw, hand sanitizer, tuwalyang papel/tuwalyang pang-kamay, at tisyung papel. Ipinapayo rin ang pagdadala ng mga pandisimpektang pamunas para maglinis bago at pagkatapos ng bawat paggamit ng karaniwang pasilidad. Magdala ng iyong sariling kagamitan pang-laro, mga tuwalya, gamit sa first aid, at iba pang mga bagay na kailangan para sa panlabas na libangan kailanman maaari. Ang mga bisita ay dapat na magdala ng mga plastik na panapin ng mesa para sa mga mesa ng piknik, na maaaring itapon na o iuwi para labhan.
  - Para masiguro ang pisikal na pagdistansya, ang mga bisita ay dapat na isaayos ang kanilang lugar ng kamping o piknik para masagad ang distansya mula sa mga katabing lugar ng kamping at piknik na pinasisinayaan ng mga tao na mula sa magkakaibang sambahayan.
  - Maraming mga programa at pasilidad ang maaaring makansela o maisara, kung kaya't ang mga bisita ay dapat na itsek ang mga mapagkukunan sa online para sa mga nabagong impormasyon tungkol sa mga pagbabago ng tuntunin at pagsasara nang sa gayon ay malaman kung ano ang aasahan sa pagdating.
  - Sumunod sa lahat ng mga protokol sa paglilinis para sa mga pasilidad at gamit na paglilingkod sa sarili bago sila gamitin.
  - Iwanan ang mga kasangkapang-bahay, gaya ng mga mesa at upuan ng piknik, gaya noong dati dahil ang mga kawani ng parke ay maaaring angkop na binigyan ng espasyo ang mga bagay na ito para hikayatin ang pisikal na pagdistansya.
  - Sumunod sa mga karatulang nagbibigay ng direksyon – hal., hintayin ang iyong pila at sumunod sa mga limitasyon ng kapasidad – na magtataguyod ng pisikal na pagdistansya sa mga gusali, sa mga nakataas na lugar at sa iba pang mga kulong na espasyo.
  - Planuhin ang iyong paglalakbay sa isang ligtas at responsableng paraan. Maging mapag-alam na ang mga operasyon sa pagsagip ay nangangailangan ng maraming tagapagtugon sa emerhensya at ekstrang pangangailangan sa mga mapagkukunan ng pangangalagang pangkalusugan na inilalagay ang lahat sa panganib.
- ❑ Panatilihin ang mga sistema sa komunikasyon na nagpapahintulot sa mga kawani at bisita na iulat nang sarilinan ang mga sintomas at makatanggap ng mga maagap na notipikasyon sa mga pagkakalantad at pagsasara, habang pinananatili ang pagka-kumpidensyal.

Retirado - Walang Epekto

- ❑ Ang isang kopya ng protokol na ito ay ipinaskil sa lahat ng mga pampublikong pasukan sa pasilidad.
- ❑ Ang mga palatandaan o sign ay nakapaskil na nag-aatas sa mga bisita na dapat silang manatili sa bahay kung may sakit na may mga sintomas sa palahingahan.
- ❑ Ang mga bilihan o outlet sa online ng establisyemento (website, social media, atbp.) ay nagkakaloob ng maliwanag na impormasyon tungkol sa mga kasalukuyang protokol, kailangang paggamit ng mga pantakip sa mukha, mga kinakailangan sa mga kasanayan sa pagkontrol ng impeksyon at pisikal na pagdistansya.

## E. MGA HAKBANG PARA MASIGURO ANG PANTAY-PANTAY NA AKSES SA MGA KRITIKAL NA SERBISYO

- ❑ Ang mga serbisyo na kritikal sa mga kamper ay binigyang prayoridad.
- ❑ Pinasimulan ang mga hakbang para siguruhin ang akses sa mga serbisyo para sa mga kamper na may mga limitasyon sa pagkilos at/o nasa mataas na panganib sa mga pampublikong lugar.

**Ang anumang mga karagdagang hakbang na hindi kabilang sa itaas ay dapat na ilista sa mga hiwalay na pahina, na dapat ilakip ng negosyo sa dokumentong ito.**

**Maaari kayong makipag-ugnayan sa sumusunod na tao para sa anumang mga katanungan o komento tungkol sa protokol na ito:**

**Pangalan ng Kontak ng Negosyo:** ______________________________

**Numero ng telepono:** ______________________________

**Petsa na Huling Nirebisa:** ______________________________

Retirado - Wala ng Epekto